# Attack of the 50 Foot Transwoman

**Paul Cyrian M. Baltazar**

ALAS-SIETE Y MEDYA na ng gabi nang magising si Jade. Basang-basa siya sa pawis kahit na nakatutok naman ang bentilador sa kanya. Mabigat din ang pakiramdam niya, tumitibok nang malakas ang kanyang puso't pumipintig nang very light ang kanyang sintido. Naalala niya tuloy noong nagsisimula pa lang siyang uminom ng Macropill at nang pinalitan niya ito ng Dayanara 50. Ganito rin kasi ang pakiramdam niya noong mga unang linggong paggamit niya ng mga 'yun.

Napasilip siya sa ibabaw ng tokador kung saan nakapatong ang kahon ng pills na ginagamit niya ngayon, gamot na hindi niya naman sana gagamitin kung hindi lang 'to ibinigay sa kanya ni Boss Rica noong naubusan siya ng perang pambili dapat ng usual brand niya. Ilang linggo na naman kaya ang aabutin bago masanay ang katawan niya rito? Kailangan niya na talagang bumili ulit ng Dayanara mamaya. May kaunting pera pa naman siya at malapit na rin naman ang suweldo.

Tumayo siya mula sa kama, naghubad, at hinarap ang sarili sa salamin. Pinansin niya ang kumikinis niyang balat, ang tila lumalaki niyang balakang, at nagsisitulisan niyang mga utong. Sayang. Di bale na kung mukhang mas epektib ang bagong pills, mas mabuti pa ring gumamit ng gamot na kinasanayan niya na. Huminga siya nang napakalalim. Kailangan niya nang maghanda para sa shift niya sa pinapasukang call center.

"'Pang," tawag ni Jade sa amang taimtim na humihigop ng tsaa sa labas ng kanilang munting apartment, "meron pa bang natira sa bopis kahapon?"

"Ay, ubos na, anak," sagot nito, "pinulutan namin kagabi. Wala na bang ibang ulam sa ref?"

Umiling ang dalaga.

"Teka't lulutuan kita ng de-lata."

"'Wag na, 'Pang. Baka ma-late na ako," sabi ni Jade bago dumeretso sa banyo para maligo na lang. Hindi niya natiis sarhan ang pinto nang may kaunting pagdabog.

Maya-maya lang at matapos nang magbihis, mag-ayos ng buhok, at maglagay ng make-up si Jade pero nasa labas pa rin ng bahay si Papang. Inaabangan 'ata nito ang pag-alis niya.

"May kelangan ho kayo?" may pag-alinlangang tanong ni Jade sa ama.

"Pambayad ng kuryente, anak. Baka maputulan na tayo. 855 pesos lang naman."

"'Pang naman," sabi ni Jade habang binubunot ang kailangang halaga mula sa wallet niya, "gagamitin ko pa dapat 'to e."

Inabot niya ang dalawang limandaan sa ama. Hindi na niya itinanong kung nasaan na ang isanlibong natira mula sa huling pamamalengke nila. Binilang ni Jade ang perang natitira sa kanya. Napahimas na lang ng batok ang dalaga. Mukhang maha-high blood na siya kahit di pa nakakaalis ng bahay.

"'Wag n'yo na pong gagamitin 'yan sa ibang bagay ha," wika niya sabay turo ng nguso sa perang hawak ng ama.

"Hindi na talaga. Pasensya na 'nak. Berdey kasi ni pareng Lito kagabi."

Birthday niya pala e bakit ikaw ang gumastos, tanong sana ni Jade sa kanyang ama pero di niya na itinuloy. Bagkus, nagpaalam na lang siya. Matapos niyang hagkan ang pisngi ng matanda, inabutan siya nito ng dalawang pakete ng Skyflakes.

"Kainin mo sa daan para di ka magutom sa trabaho," sabi ng Papang sa kanya.

"Salamat po."

"Inutang ko 'yan sa tindahan ni Alma ha. Bayaran mo na lang daw siya pag-uwi mo mamaya."

*

At dahil hindi nagising ng alas-sais tulad nang kinaugalian, napilitang sumakay ng MRT mula Guadalupe Station si Jade. Mas gusto niya sana talagang mag-bus na lang. Sa bus kasi, nakakapag-relax pa siya, madalas nakakaupo pa't makikinig na lang muna ng musika, mag-fe-Facebook sa phone, o manonood ng kung anumang pelikula o palabas meron sa TV. Samantalang sa MRT, bagama't

mas mabilis ang biyahe, napakasikip naman. Kay rami at kung sino-sinong mga tao ang kumikiskis at lantarang tumititig sa kanya. Madalas, nakatayo lang din siya dahil kung nakakahanap man ng mauupuan, kailangan ding isuko ang puwestong ito kung may babae mang nakatayo malapit sa kanya kahit na babae rin naman siya.

"Miss Ganda," tawag kay Jade ng lalaking nasa likod niya sa pila sa platform. Hindi niya ito pinansin. Bumilis ang takbo ng puso ng dalaga. Nagsimulang magpawis ang kanyang noo. Muli siyang tinawag nito at sa pagkakataong 'yun, nakaamoy ng tsiko (at sibuyas?) si Jade kaya kahit ayaw niya mang gawin, nilingon niya ang nagtatawag. Baka magalit pa ito kung hindi niya papansinin.

Nasa mga labing-anim hanggang labingwalong anyos ang lalaki. Binatilyo pa kung tutuusin at mamula-mula ang mukha. May kasama itong tatlo pang mga lalaki na mukhang ka-edad niya lang din. Halatang nagpipigil sila ng tawa.

"Bakit po?" tanong ni Jade sa tumawag sa kanya.

"Gusto mo?" tanong ng binata sabay turo sa bayag. Naghagikgikan ang mga kasama nito. Nanlamig ang buong katawan ni Jade at agad niyang tinalikuran sila.

"Sige na, miss. Diyan tayo sa CR," pagpapatuloy pa ng binata. Malalim at kaaya-aya ang boses nito. Nainis si Jade sa sarili dahil nagawa niya pang mapansin ang ganu'ng bagay. "Tsupa lang ha, walang torjakan."

Nagsitawanan nang malakas ang mga kasama ng binata. Uminit at namula ang mga pisngi ni Jade, nagsimula muling pumintig ang kanyang sintido. Agad siyang umalis sa pila. Hindi niya na nilingon ang mga binata. Dumiretso siya sa sekyu na nagbabantay sa bahagi ng platform na nakalaan para sa mga babae't PWD para magsumbong.

Itinuro ni Jade sa sekyu ang mga binata. Nagtatawanan pa rin ang mga ito. Napabuntonghininga lang ang guwardiya.

"Biruan lang naman 'yan, sir," sabi nito kay Jade. "Hindi naman kayo hinawakan, di ba?" "Hindi," sagot ni Jade na pilit na hindi pinapansin ang pagtawag sa kanya ng *sir*, "pero lasing sila, o. Di po ba bawal sa MRT 'yun?"

"Wala ho kaming breathalizer test e," sagot naman ng sekyu matapos ang ilang sandaling wala itong nasabi. Medyo may edad na rin ito't mukhang pagod na sa trabaho. "Ganito na lang ho," dagdag nito, "samahan ko na lang kayo sa security office namin. I-report niyo na lang doon."

"Di bale na lang po, manong," sagot ni Jade, "ma-le-late na ako."

Dederetso na sana si Jade sa pila ng mga babae nang hinarangan siya ng sekyu.

"Saan ho kayo, sir?"

At heto na nga ang kinakatakutan ni Jade. Eto ang dahilan kung bakit ayaw

niya pa sanang subukan ang pumila sa women's section hangga't hindi pa siya nakakadalawang taon sa pag-inom ng hormones.

"Pipila lang po ako, manong."

"Hindi ho kayo puwede dito, sir."

Kumirot ang puso ni Jade. Nakaramdam siya ng awa sa sarili. "Manong, binastos na po ako. Baka naman po, kahit ngayon lang."

Hindi matalas ang tono ng sekyu, gayunpaman, "Bawal ho talaga, sir. Pasensiya na."

Napansin ni Jade na nakatingin na ang ilang mga babaeng pasahero sa kanya. Tinalikuran niya sila't napatingin naman siya sa pilang pinanggalingan niya. Naroon pa rin ang mga binatang lumapastangan sa dangal niya. Mukhang masigla ang usapan ng mga hayop, nagsisitsikahan na para bang wala silang nagawang pananakit sa kapwa kamakailan lang.

Naglakad palayo si Jade at nanatili muna sa likod ng mga pila ng mga lalaki hanggang makasakay na ng tren ang mga binata saka siya pumila ulit. Tatlong tren na punong-puno muna ang dumaan sa estasyon bago siya nakasakay.

*

Kakasara pa lang ni Jade ng locker niya nang bulagain siya ng hiyaw at mga halik ni Bella, team leader sa katabi nilang account sa floor at transwoman din. Bukas ang jacket nito, labas na labas ang bumubulwak at napaka-tan na cleavage. Niyakap ni Jade nang napakahigpit ang kaibigan. Kakabalik lang kasi nito mula sa dalawang linggong bakasyon. Sobrang na-miss niya ang hitad. Bagama't may iilan pang mga transsexuals sa ibang mga kumpanya sa building nila, ngayong kinasal at nakatira na sa Canada si Boss Rica, si Bella na lang ang kaibigang trans ni Jade sa trabaho.

"Gurl, ang aga mo para sa shift bukas ha," sabi ni Bella sabay abot sa kanya ng isang bag ng otap. "Unang coffee break ko na!"

Natawa si Jade, tinanggap ang pasalubong, at nagpasalamat. "Pero, teh, pramis, ang itim mo na."

"At ikaw, 'singputla ka ng bangkay na nagulat," patawang sagot ni Bella kay Jade bago sumeryoso ang mukha niya. Tinitigan niya sandali ang mukha ng kausap. Pagkatapos ay pinaikot niya pa ito.

"Gurl, look at you," wika ni Bella, "seryoso, pumuti't kuminis ka nga. Lumapad mga hita mo't parang tumangkad ka pa."

Nang magkaharap na muli, biglang dinaklot ni Bella ang dibdib ni Jade, sabay bulalas ng "OMYGAD! May dyoga ka na!" (Ilang mga trainees din ang napasilip sa kanila mula sa pintuan ng isang malapit na training room.)

"Gaga, wonderbra lang 'yan," pa-humble na sagot ni Jade bago umamin din sa mga nagawa ng pills sa kanya. "'Yun nga lang, hina-high blood na 'ata ako sa gamot na 'to."

"Shuta," wika ni Bella bigla, "sorry, Jade. Di nga pala kita nasabihan. Pinapasabi ni Rica na hindi dapat 'yan ang iiwan niyang pills sa'yo. Napagpalit niya kasi kamukha daw ng kahon ng regular brand niya. Gawang-Tsina daw 'yan, pa-sample ng kaibigan niyang seller."

"Di niya pa 'to nagagamit?"

"Mga ilang araw lang daw at sumakit din batok niya. Sorry talaga ha. Sinabihan niya lang kasi ako sa tawag sa Viber at nalimutan kitang sabihan agad kasi pabakasyon na 'ko noon."

"Walanghiyang Rica 'yun," sabi ni Jade, "aalis na nga lang, papatay pa ng tao."

Natawa si Bella. "Samahan kita magpa-checkup sa weekend mo."

Napaisip si Jade. "Sige, salamat, teh. Puwede bang sa next weekend na lang, 'pag may pang-medical na ako? Babalik rin naman ako sa Dayanara. Ubusin ko lang siguro muna 'to. Effective e." Kinindatan niya ang kaibigan.

"Ikaw bahala, gurl. Pero at least ha, pabayang pota ka man sa kalusugan, on the road to passing ka na naman. Konting kembot na lang 'yan."

Napangiti lang si Jade bagama't labis niyang ikinatuwa ang sinabi ng kaibigan.

"Thank you ha," sabi niya, "I needed that kasi—"

Biglang napahikbi ang dalaga. Nanumbalik sa kanyang isipan ang pambabastos sa kanya sa MRT. Bago niya pa mapigilan ang sarili, luhaan niyang naikuwento kay Bella ang mga nangyari. Pagkatapos, si Bella naman ang yumakap nang napakahigpit kay Jade. Hinimas-himas nito ang likod ng kaibigan habang pinapangakuhan na dadali rin ang lahat balang-araw lalo na kung mas napababae na ng mga hormones ang itsura ni Jade. Ilang sandali pa ang lumipas at huminahon din ang pag-iyak ng dalaga.

"Gurl, look at it this way," dagdag pa ng pilyang si Bella, "may nalibugan sa ganda mo."

"In fairness sa pills ni Rica," sagot ni Jade.

Nagsangalan-ng-ama si Bella at pinikit niya ang kanyang mga mata.

"Sumalangit nawa ang na-domesticate na bakla," pahayag niya at naghagalpakan ng tawa ang dalawa.

*

Patapos na'ng lunch break at abala si Jade habang papalabas ng banyo. Binabasa niya ang link na ipinadala ni Bella sa messenger niya. Sabi rito, ipina-recall na raw

ang gamot na iniwan sa kanya ni Rica dahil nakitaan daw ng iilang side effects ang mga gumagamit nito. Tatanungin niya na sana si Bella kung patapos na ba ang lunch meeting nila ng operations manager niya para makapag-yosi muna sila't mapag-usapan ang link bago bumalik sa trabaho nang nakarinig siya ng CLICK at napapikit sa lakas ng ilaw na biglang kumislap sa harapan niya.

"Ano 'yan, kuya?" tanong ni Jade sa security guard na nasa harap niya pala't may hawak na cellphone na nakatutok sa kanya. "Bakit mo ako piniktyuran?"

"Ebidensiya lang, sir," sagot ng guard. "Bawal kayong gumamit ng banyo ng babae."

Shutangina, pati ba naman dito, isip ni Jade. "At bakit hindi? Babae naman ako ha!" pagalit na sagot niya.

"Bakla ka, sir. Hindi ka totoong babae ho."

"Trans ako, kuya! Babae ang utak ko!"

"Eh may titi pa rin kayo," pangangatwiran ng guard sabay tingin sa ari ni Jade.

Natameme ang dalaga. Nawindang. At bagama't alam ng bawat bahagi ng katauhan niya na mali ang sekyu, hindi niya ito nagawang kontrahin. Dumagundong at umalingawngaw ang salitang titi sa kanyang utak. May-ari pa nga naman siya ng lalaki. 'Yun ang sukatan at depinisyon ng kasarian ng kausap niya kahit hindi 'yun ang sa kanya.

"Pahingi na rin ho ng pangalan mo at pangalan ng kumpanya," dagdag pa ng sekyu. "May multang katapat 'yang ginawa n'yo."

"Ano? Iinsultuhin n'yo ako tapos hihingan n'yo pa ako ng pera?" Nagsimula na namang pumintig ang mga sintido ni Jade at kumirot-kirot ang kanyang batok.

"Pasensiya na ho, ganu'n talaga," sagot ng sekyu. Nakangiti pa ang hayop, halatang natatawa lang sa sitwasyon, walang kaalam-alam, kaide-ideya sa ginagawa niya kay Jade. Napatingin na lang si Jade sa paligid. Literal na umiinit na 'ata ang ulo niya at kasabay ng pagkirot nito ay bumibilis pa ulit ang tibok ng kanyang puso. Hindi niya malaman kung anong susunod na sasabihin o gagawin. Gusto niya nang sumigaw at umiyak nang sabay. Gusto niya ring saktan ang kausap na sekyu, sabunutan ito't paulit-ulit na tadyakan sa bayag at sipsipin ang mga mata.

Bigla niyang narinig ang maingay na yapak ng high heels ni Bella. Kumakaway ito at naglalakad papunta sa kaniya.

"TL!" tawag ni Jade sa paparating. Halata ang gulat sa mukha ni Bella dahil tulad ni Rica na dating operations manager ng account ni Jade, hindi niya pinapagamit kay Jade ang title niya sa trabaho.

"TL, pinapagbayad ako nito ng multa! Hindi raw ako puwede mag-CR dito dahil may titi raw ako!" sumbong niya sa kaibigan sabay turo sa bastos na sekyung nanghuli sa kanya. "Paki-inform naman po siya na puwede akong gumamit ng

women's restroom dahil transwoman ako at may anti-discrimination policy dito!"

Nakita ni Jade na bumagsak ang kadalasang maaliwalas na mukha ni Bella.

"Yes, miss Jade, dapat puwede tayong gumamit ng banyo ng babae at may anti-discrimination policies nga dito," sagot nito na may emphasis pa sa "miss" at "dapat" pero biglang humina ang boses niya at deretso niyang kinausap si Jade, "pero sa iilang kumpanya lang sa building 'yun. I'm so sorry, gurl. Dapat na-explain ko 'to nang mas maaga sa'yo."

"Sa floor natin, puwedeng-puwede tayong gumamit ng women's at protected tayo ng policies ng kumpanya pero dito sa labas ng floor, wala," pagpapaliwanag pa ni Bella. "Common restroom na kasi 'yan ng building, gurl. Rules na ng building management ang masusunod. Kung nasa QC tayo, may kaso sana tayo pero walang anti-discrimination ordinance dito sa Pasig."

"So kelangan ko ho talagang magbayad?"

"Yes, miss Jade, pero dapat magalang pa rin ang pakikitungo ng security sa iyo," sagot ni Bella habang pinandidilatan ang guard.

Natahimik si Jade. Talong-talo na siya. "Ma'am, puwede bang mamaya na ako magbigay ng pangalan?" tanong niya sa kaibigan. "Matatapos na'ng break ko e."

"Mauna ka na, gurl. Ako na'ng magfi-fill up ng form," sagot nito, "at pagkatapos ng break mo, mag-fa-file tayo ng Incident Report sa management. Rules or no rules, ang bastusan ay bastusan."

Bahagyang nawala ang ngiti sa mukha ng sekyu nang marinig ang sinabi ni Bella pero alam ni Jade na walang patutunguhan ang IR. At best, makakatanggap ng reprimand ang guard at 'yun na 'yun.

"Sige po, TL. Salamat," ang tanging nasagot ni Jade.

"Sorry talaga, gurl."

Nakalayo na rin si Jade ng iilang hakbang bago nag-register sa utak niya ang paghingi ng paumanhin ni Bella. Nilingon niya ito.

Kitang-kita sa mukha ng kaibigan ang awa nito sa kanya. Nakaramdam ng kaunting inggit si Jade. Sinubukan niyang alalahanin na ang kasarian ay wala sa itsura at wala sa ari. Ito'y nasa puso, nasa isipan, nasa pagkatao. Gayunpaman, nakapag-transition na si Bella—mukha na itong ganap na babae. Hindi na ito makakaranas ng mga eksenang tulad nitong nangyari sa kanya. Hindi na ito kakaawaan nino man.

Samantala, ang sekyu na nanghuli sa kanya'y nakangiti, halatang aliw na aliw pa rin sa mga pangyayari.

*

Tumingin si Jade sa oras sa monitor at pagkatapos, sa malaking orasan naman sa dulo ng work area nila. Dalawang oras pa bago matapos ang shift. Kumikirot pa rin ang ulo't batok niya. Tagaktak din ang pawis niya maski malakas naman ang aircon. Tinamaan din siya ng matinding antok o pagkapagod, hindi niya malaman kung alin sa dalawa. Bukod pa rito, malabo pa ang kausap niyang kliyente sa telepono.

Nakailang ulit na paliwanag na siya sa isang detalye ng claims policy ng kausap pero sadyang ayaw 'ata nitong makinig sa kanya.

"I'm sorry, sir," sabi ni Jade ulit sa kausap. "There really is nothing more I can do."

"And I'm telling you there is!" sagot ng Kano. "Get me your manager. I wanna talk to a manager."

"Yes, of course, sir. I'll get my supervisor right now. However, I do have to warn you that the policy is irrevocable. She can only tell you the same thing."

"I don't care," sigaw ng kausap, "Just get her!"

"Yes, sir. Can I put you on hold while I get her, please?" tanong ni Jade sabay sinok.

"What's that?"

"Can I kindly put you—" biglang napadighay nang napakalas si Jade.

"Did you just burp on the phone?" tanong ng Kano.

Hindi! Kanta 'yun! Kumanta ako, hayop ka, isip ni Jade. "I'm very sorry, I seem to be experiencing some stomach problems," ang sabi niya.

"You're what?"

"I'm—" Pumilipit ang puson ni Jade sa sakit, "I'm sick."

"What? I don't care, just get me—"

"WAIT LANG! LETSE KA!" sigaw ni Jade sa kanyang headset. Nagtunog malalim ang boses niya. Napakalalim. Kailanman ay hindi naging ganoon kalalim ang boses niya.

"What did you say to me? Hey, what is this? Who is this?"

"It's still me, sir . . ." sagot ni Jade habang pilit na iniinda ang sakit ng puson na parang kumakalat na ngayon sa kanyang buong katawan. Nang umabot ito sa mga kasukasuan niya sa mga paa't kamay ay napatayo na lang siya. Para pagtakpan ang nararamdamang sakit, sinenyasan niya ang kanyang bisor na si Mimi para lapitan siya.

"You're a man? Hey, I don't wanna talk to no fag! Get me the manager like I said!"

Nagsisitinginan na ang mga agents na katabi niya. Nasa station niya na si TL Mimi. Kita ang inis sa pagmumukha nito. Ayaw na ayaw kasi nitong tumatanggap ng sup calls.

"Jade, what's wrong?" tanong nito. Infurness kay TL, sumunod pa rin siya sa

English-Only-Policy sa floor kahit may emergency na.

"I'm . . . in pain. Everywhere. My body hurts."

"Hey, I'm talking to you, fag!" sigaw ng headphone.

Binato ito ni Jade sa TL niya. "Kakausapin daw kayo ng hayop na 'yan!" sabi niya. Balak niya sanang pumunta na lang sa clinic pero hindi niya na kinaya ang sakit at napahiga na lang siya sa sahig. Lumapit ang iba pang mga bisor at queue managers sa kanya.

Bigla siyang kinumbulsiyon at nasipa't nasuntok niya ang mga ito.

Narinig niyang may sumisigaw, nagpapatawag ng ambulansiya. May tumakbo para tawagin ang company nurse. Lumiwanag at dumilim ang paningin niya nang ilang beses habang painit nang painit naman ang pakiramdam ng nangingisay niya pa ring katawan.

Sa wakas, tumigil siya sa pangungumbulsiyon. Nanatili siyang nakahiga. Hindi siya kumikilos o umiimik. Humihinga na lang siya nang malalim, pinipilit ang sariling 'wag magpadala sa takot na nadarama habang pinakikiramdaman ang kanyang katawan para sa kung anumang bagong sakit.

Di rin nagtagal ay nakaramdam naman siya ng kakaibang lamig na parang kumakalat mula sa puson niya papunta sa kanyang ulo, mga paa't kamay. Nang tuluyan nang nanlamig ang buong katawan, napainat siya at sa pag-inat niya'y nagsiliparan mula sa kanyang mga paa ang kanyang mga sapatos, nagsiliparan din mula sa kanyang mga daliri ang kanyang singsing at mga fake nails. Naramdaman niyang kumalas at nalaglag ang suot niyang pendant at mga hikaw.

Sumikip ang kanyang blusa, pantalon, bra, at panty. Sumikip nang sumikip ang mga 'to hanggang naramdaman at narinig niya silang mapunit at magsipigtasan habang papalapit naman nang papalapit ang mukha niya sa kisame.

Shuta. Lumalaki 'ata siya.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata dahil nahihilo na siya sa bilis ng paglobo ng kanyang katawan. Binuksan niya na lang ulit ang mga ito nang maramdaman niyang tila tumigil na siya sa paglaki.

Sinubukan niyang tumayo pero nauntog siya sa kisame. Sinubukan niya ulit, ngayon gamit na ang kanyang mga kamay at paa para maiangat ang buong katawan. Nabiyak ng ulo niya ang kisame. Lumusot siya dito't nagpatuloy pataas hanggang malampasan niya ang ikatlo't huling palapag ng building nila.

Pagtingin ni Jade sa baba, tatlong bagay ang kanyang napansin: una, hanggang tiyan niya lang ang rooftop ng building nila; pangalawa, may boobs na siya; at pangatlo't pinakamasaya sa lahat, wala nang nakalawit sa gitna ng kanyang mga binti. Nagsabay ang tawa't iyak niya. Kebs kung magmukha siyang tanga. Kebs kung

hubo't hubad siya. Mabuti pa nga 'yun para makita ng lahat na ganap na babae na ang kanyang pangangatawan!

"Jade?"

Napatingin si Jade sa paanan niya. Naroon pa rin si TL Mimi. Napakaliit na ng itsura nito. Yumuko siya't kinuha ang cordless headphones sa TL niyang nanginginig sa takot. Nahimatay ito pagkaagaw niya ng headphone. Kebs pa rin si Jade. Maingat niyang pinakinggan kung on the line pa rin ba ang customer niya kanina. Parang may nagtatalak pa nga sa linya. Maingat niyang itinapat ang mic ng ngayo'y napakaliit na headset at sinigawan niya ito pagkatapos ay dinurog niya ito hanggang maging pinong-pinong pulbo. Sana dumugo ang tainga ng hinayupak na Amerikanong 'yun.

Tumingin ulit siya paibaba. Saka lang nagsimulang magsigawan ang mga tao. Mga ka-team niya't ka-account, mga taga-ibang teams, ibang accounts, ibang kumpanya, ibang floors, ibang income brackets, at ibang levels ng spirituality, lahat sila'y nagsi-panic at nagsitakbuhan sa kung saan-saan.

Natawa na lang si Jade. Humakbang siya palabas ng building, halos nasira niya ang buong gilid ng gusali kung nasaan nakapuwesto ang kumpanyang tinatrabahuan niya. Pagkatapos, lumuhod siya para makalapit lalo sa building, at walang pag-alinlangang winarak at inangat ang patag na bubong ng gusali. Tiningnan niya ang bawat sulok ng top floor. Pinansin ang bawat kuwarto, bawat cubicle, at bawat taong nakita. Nang nakita na niya ang buong ikatlong palapag ng building, ang sahig naman nito at kisame ng pangalawang palapag ang kanyang unti-unting binaklas. Malinaw sa kanya ang kanyang pakay. Hinahanap niya ang guard na nambastos sa kanya kanina.

Sa wakas, sa isang stall sa isang banyo sa ikalawang palapag, nakita niyang nagtatago ang hinahanap na sekyu. Nakaupo ito't umiiyak. Agad niya itong pinulot.

"'Wag po!" sigaw nito. "Nagtatrabaho lang po ako!"

"At nagbabanyo lang din ako kanina!" sagot ni Jade dito.

Sa galit ni Jade ay nilakasan niya ang hawak sa sekyu. Tumigil lang siya nang makitang halos mangitim na ito sa higpit ng pagkahawak niya. Saka niya itinutok ang mukha nito sa kanyang dibdib at ari. "Sinong hindi talaga babae ngayon ha?!" sigaw niya dito.

Nang hindi ito sumagot, lalong nagalit si Jade. Itinapon niya ito sa sulok ng courtyard kung nasaan ang mahalaman na smoking area. Nag-landing ang sekyu sa mga sanga ng puno ng mangga na nagbibigay-silong sa yosihan.

Tiningnan ni Jade ang sekyu. Nakanganga ito't dilat na dilat ang mga mata. Nawawala ang cap nito, punit-punit ang uniporme, at mukhang naihi pa ata dahil basa ang harap ng pantalon. Mukhang na-trauma sa kaniya ang mama. Nakakaawa

sana ang itsura nito pero hindi mawala sa isipan ni Jade ang imahen ng ngiti ng sekyu habang binabastos siya nito.

Tumayo siya agad, inangat ang kanang paa, at akmang tatapakan na ang sekyu nang may marinig siyang maliit na boses.

"Jade!"

Napatingin siya sa kanyang likod. Sa may parking lot, nakita niyang nagkukumpulan ang iilang mga tao mula sa building. Maalikabok, duguan, at punit-punit ang mga suot ng mga 'to. Mukha silang mga nabiktima ng lindol. Ang iba nama'y tumatakbo o di kaya'y nasa mga kotse na't nagkakarerahan palabas ng parking lot para makatakas sa kanya.

"Jade!"

Ayun. Galing ang boses sa pangkat ng mga taong pinakamalapit sa kanyang paanan. Sa harap ng grupong ito, nakita niya si Bella at si TL Mimi. May sinasabi ang mga ito.

"—th it!" sabi ni Bella.

"Ano?" tanong niya sabay yuko para marinig ang kaibigan.

"NOT WORTH IT 'KA KO!"

Nahimasmasan si Jade.

"Bet mo, teh?" tanong niya kay Bella pagkatapos ng ilang sandali, sabay turo sa hubad niyang katawan.

"Straight ako, gaga!" sagot nito.

May narinig siyang kaguluhan mula sa likuran niya. Tumalikod siya't nakita niyang tinulungan na pala ng ilang mga tao ang sekyu na makababa ng puno.

Tumayo ito, tumingin sa kanya, at bagama't medyo mahina ang pagkarinig ni Jade, malinaw pa rin naman ang isinigaw nito. "Baklang halimaw!"

Ganern?

"Babae ako!" sagot niya.

Umubo si Jade nang ilang beses hanggang makaramdam ng plema sa lalamunan. Dumahak siya't dinuraan ng plema ang sekyu. Sapul. Tinamaan ito't nagmukhang binuhusan ng isang lawa ng pandikit. Sa pagkakataong 'yun, wala nang lumapit para tulungan ang hayop.

Bigla, narinig ni Jade ang papalapit na tunog ng ilang mga silbato't sirena. Mga pulis at bumbero malamang. Lumingon siya muli kay Bella.

"GO, GURL! BATSI NA!" sigaw nito.

Nginitian niya ang kaibigan bago nagsimulang maglakad papalayo. Hindi na siya maabutan ng mga pulis. Papaano, isang hakbang niya lang e ilang daang metro na 'ata agad ang sakop.

Hindi malaman ni Jade kung anong gagawin sa sarili kaya't habang naglalakad siya'y minabuti niya na lang na mag-isip-isip muna (habang iniiwasan ang mga kotse at nagsisitakbuhan at sigawan ang mga tao sa daan niya). Saan siya kukuha ng pagkain? Ng maiinom na tubig? Ng masusuot na damit?

Makakapagtrabaho pa kaya siya? E kung kausapin niya kaya muna ang gobyerno? Baka naman may magawa siya para sa kanila. Baka puwede siyang tagahukay ng daan para sa DPWH o panakot ng militar sa ibang bansa. E paano naman kung wala pala siyang silbi sa kanila? Ano kayang mangyayari sa kanya? Papatayin na lang kaya siya? Ikukulong?

Hindi niya alam. Basta ang alam niya lang ay ganito na siya ngayon. Tanggapin siya sana ng mundo pero kung hindi naman ay ayus lang din. Makakahanap din siya ng silbi kung hindi man sa kanila, e di sa sarili na lang. Bahala na ang mundo. Basta narito na siya.

Napatigil ng lakad si Jade. Nasa EDSA na pala siya. Tiningnan niya ang kahabaan nito. Hindi siya ganoon kalayo sa Guadalupe. Uuwi na lang muna siya sa bahay. Marami siyang kailangang sabihin kay Papang. Pero bago 'yun, may dadaanan muna siya sa Guada MRT. May kakausapin lang siyang isa pang sekyu.